

INFORMED CONSENT FORM
STAGE 1. BASIC SYMPTOM ITEM POOL

1
2
3
4 **1. PANIMULA**

5
6 Kami ang #MentalHealthPH, isang community-based mental health organization. Kami ay naka-
7 base sa Quezon City, na may chapter sa Iloilo City, Cebu City, and the Bicol Region.
8 Kasalukuyan kaming gumagawa ng pananaliksik at ang principal investigator (PI) para dito ay
9 si Dr. Ronald del Castillo.

10
11 Kami ay bumubuo ng mental health mobile applications (“apps” or “chatbots”) na maari mong
12 mardownload at magamit sa iyong selpon o tablet. Nilalayon naming ang apps na ito ay
13 makatulong sa mga Pilipino sa kanilang problemang may kinalaman sa lusog isip. Inaanyayahan
14 namin kayong lumahok sa aming pag-aaral.

15
16 Ang nakalakip na impormasyon dito ay tungkol sa aming pag-aaral. Sa abot ng aming makakaya,
17 nakasaad dito ang mga nais ninyong malaman sa pag-aaral. Para sa mga katanungan o
18 anumang karagdagang impormasyon. Inaanyayahan naming sumangguni sa kahit sinuman sa
19 aming grupo. Ang aming detalye kung saan kayo maaaring sumangguni ay nasa dulong bahagi
20 nito.

21
22 Hindi mo kinakailangang magpasya agad kung ikaw ay sumasang-ayon na makibahagi sa pag-
23 aaral na ito. Hinihimok namin kayong pag-isipan nang mabuti ang inyong pasya. Kung mayroon
24 man kayong hindi lubos maintindihan patungkol sa pag-aaral, maaari ninyong kausapin ang
25 sinoman sa aming grupo upang masagot ang inyong mga katanungan. Handa kaming tulungan
26 kayo.

27
28 **2. LAYUNIN NG PANANALIKSIK**

29
30 Ang pag aaral na ito ay may kalakip na pananaliksik. Layunin ng pananaliksik na ito na makabuo
31 ng mobile applications o chatbots at masubukan para malaman kung maari nitong mapabuti ang
32 lusog isip at mabawasan ang psychological o emotional distress. Ito ay multi-year, 8-stage project.
33 Ang iyong partisipasyon ay hinihingi lamang sa Stage 1, at ang pahintulot na ito ay para lamang
34 Stage 1. Sa Stage 1, nais naming makagawa ng komprehensibo at malinaw na pananaw kung
35 paano ang nakakaranas ng depresyon at anxiety ang mga Pilipino at alamin ang mga posibleng
36 magagawa sa pamamagitan ng isang phone app.

37
38 **3. URI NG PANANALIKSIK**

39
40 Dito sa Stage 1, walang gawain para sa mga kalahok. Hindi ka tatanggap ng kahit anumang
41 gawain.

42
43 **4. PAGPILI NG MGA KALAHOK**

44 Inaanyayahan naming lumahok ang 75 hanggang 90 na Pilipinong may edad 18 pataas.
45 Naghahanap kami ng kalahok na mahilig gumamit ng mobile phone at may maayos na
46 koneksyon sa internet. Siya rin ay dapat marunong magbasa o makaintindi ng Filipino o English.

47
48 Kami ay naghahanap ng mga Pilipinong kasalukuyang nakakaranas ng mataas na antas ng
49 depresyon o kaya ay anxiety na tumagal ng di bababa sa dalawang lingo at nagdulot ng
50 matinding krisis sa loob ng isang taon. Panghuli, kinakailangan ding ikaw ay kasalukuyang may
51 kontak sa medikal na serbisyo. Sa iyong pagsang-ayon sa pakilahok sa research na ito,
52 sinasabi mo at kinukumpirma na ikaw ay nagpapakilala na bahagi ng sumusunod na grupo na
53 may nakalahad na katangian.

54
55 **5. BOLUNTARYONG PAGLAHOK**

56

57 Ang iyong paglahok ay tinuturing na pawang boluntaryo. Nasa iyong desisyon kung nais mong
58 magpatuloy sa paglahok o hindi. Anuman ang iyong maging pasya sa paglahok, hindi ito
59 makaaapekto sa iyong mga tinatamasa o matatamang serbisyo. Maaari kang tumigil sa
60 paglahok sa pananaliksik na ito nang anumang oraskahit na pumayag ka sa unang bahagi ng
61 pag-aaral.

62

63 6. MGA PAMAMARAAN AT PROTOKOL

64

65 Unang hakbang. Una hinihikayat naming na basahin mo ng maigi itong Informed Consent
66 Form.

67

68 Pangalawang hakbang. Kapag pinindot mo ang “Oo” sa website, pumapayag ka na lumahok
69 at maari mo nang sagutan ang mga basic demographic questions. Kung pinindot mo ang
70 “hindi”, ibig sabihin ay ayaw mong makilahok at hindi na makatutuloy sa website.

71

72 Pangatlong hakbang. Ikaw ay sasagot ng dalawang online survey: (a) isang para sa
73 depresyon at (b) isang para sa anxiety.

74

75 Pang-apat na hakbang. Makikipag-ugnayan ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng
76 telepono, email, o messenger para magsagawa ng isang online meeting para sa interview.
77 Ang interview ay tatalakay ng: (a) pag-follow up ng iyong mga kasagutan sa survey at (b) iyong
78 opinyon ukol sa pagkakaroon ng isang mobile app na makatutulong sa’yo at kung papano ito
79 makakatulong sa’yo.

80

81 Pang-apat na hakbang. Tatlo ang panggagalingan ng data: (1) sa app mismo (“Mobile
82 analytics), (2) survey questionnaires, at (3) indibidwal na interbyu. Alinman ang grupong
83 kabilangan mo, ikaw ay kinakailangang sumagot ng questionnaire sa simula ng pag-aaral,
84 pagkalipas ng 4 na linggo, at pagkalipas ng 3 buwan para sa follow-up. Ikaw ay
85 papaalalahanan sa mga ito.

86

87 Panglimang hakbang. Panghuli, mayroong emergency phone number kung sakaling
88 makararanas ka ng distress. Maaari mong kausapin ang research team saan mang bahagi ng
89 iyong partisipasyon. Subalit, pinapaalalahanan lang namin na walang taong nakatutok sa app. Ang
90 chat function ay isang robot at hindi tao. Kung ikaw ay nakararanas ng distress at humihingi ng
91 suporta, mas maiging tawagan ang emergency phone number at kumausap ng
92 mapagkakatiwalaang kaibigan o mahal sa buhay, o pumunta sa pinakamalapit na emergency
93 room.

94

95 7. MGA RESPONSABILIDAD NG KALAHOK

96

97 Sa iyong paglahok, kabilang ang mga sumusunod:

- 98 1. Kalayaang magtanong patungkol sa informed consent form o anumang aspeto ng pag-
99 aaral, kung kinakailangan
- 100 2. Pagrespeto ng privacy at pagpapanatili ng confidentiality ng mga kalahok at ng pag-aaral
- 101 3. Pagsagot sa mga tanong na may katotohanan sa abot ng makakaya

102

103 8. MGA RESPONSABILIDAD NG PROJECT TEAM

104

105 Si Dr. Ronald Del Castillo ang Principal Investigator. Ibig sabihin nito ay siya ay may hawak sa
106 kabuuan ng proyekto, sa pagsigurado na ang kinukuhang datos, kasama ng iyong paglahok, ay
107 alinsunod sa data and safety monitoring plan. Ang project staff at ang proponent organization na
108 #MentalHealthPH ay responsable sa iyong kaligtasan at pagtiyak na naunawaan ninyo nang
109 lubos ang form na ito kabilang ang mga inaasahan sa iyong paglahok at pagsagot sa anumang
110 katanungan mo.

111

112 9. TAGAL NG PAGLAHOK

113
114 Ang buong proyekto na ito ay tatagal nang 24 na buwan, ngunit ang iyong paglahok ay limitado
115 lamang. Ang survey ay magtatagal ng 10-15 nang minute at ang interview ay tatagal nang 60-90
116 minutes. Ito ay maaring mas mabilis o mas tumagal pa. Nakadepende na sa iyo kung gaano mo
117 kadalas at gaano mo katagal gagamitin ang app. Ang app ay paminsan-minsan ding
118 magpapaalala sa iyo na gamitin ito.

119
120 **10. MGA INAASAHANG SIDE EFFECTS**

121
122 Walang kahit anong serbisyong medikal na kasama sa Stage 1. Walang inaasahang side effects,
123 pero posibleng makaranas ng pagkabalisa na ilalahad naming sa susunod na parte.

124
125 **11. MAARING PANGANIB AT ABALA**

126
127 Walang panganib ang pag-aaral sa mga kalahok nito. Ang pagsagot sa mga tanong na may
128 sensitibong tema ay maaaring magdulot ng psychological distress. Halimbawa, ang mga 'di
129 inaasahang pagbabago sa isip o emosyon ay maaaring magbunga sa pagsagot ng mga tanong
130 na may kinalaman sa lusog isip o anumang sensitibong paksa.

131 Upang makatulong sa mga maaaring psychological distress habang pinapanatili ang
132 confidentiality ng kalahok, ang pag-aaral na ito ay gagamit ng mga sumusunod:

- 133 1. Ang research team ay bihasa para makinig sa iyong mga pag-aalala nang mahinahon at
- 134 matiyaga para ikaw ay marefer sa tamang suporta
- 135 2. Maari kang i-link ng research team sa trained at registered na mental health professionals.
- 136 3. Merong "Get Support" page sa website ng pag-aaral na ito, sa mobile app, at sa dulo ng
- 137 consent form.

138
139 **12. BENEPISYO**

140
141 Ang pagsagot ng survey at interview ay makatutulong magkaroon ng ideya sa iyong pansariling
142 kalusugan, pag-uugali at ang komunidad na kinabibilangan mo. Sa pagdala ng mga isyu na ito
143 sa iyong kamalayan ay maaaring makapaghatid ito ng bagong impormasyon o kaalaman. Subalit
144 ang mga ito ay hindi maituturing na direktang benepisyo.

145
146 **13. KABAYARAN O GASTOS**

147
148 Maaaring magkaroon ng dagdag na gastos ang pagsali sa pag-aaral na ito (hal. paggamit ng
149 internet data habang ginagamit ang selpon) at iba pang posibleng gastos (hal. pagkawala ng oras
150 sa pag-aaral o pagliwaliw.) Bibigyan ka ng 500 piso para sa pagtapos ng survey at 150 piso sa
151 pagsagot ng interview.

152
153 **14. PRIVACY AT CONFIDENTIALITY**

154
155 Ang pananaliksik na ito ay may gagawin na hindi pa nagagawa dati. Dahil dito, posibleng may
156 mga kakilala ka na nakakaalam na ikaw ay kalahok sa pag-aaral na ito na maaaring magtanong
157 tungkol dito. Sa abot ng makakaya ay ipaalala sa'yo at sa mga kapwa mong kalahok na irespeto
158 ang pagka-pribado at pagka-confidential nito. Hindi ipagbibigay-alam ng research team ang mga
159 pagkakakilanlan ng mga kalahok ng pag-aaral na ito.

160
161 Ang lahat ng impormasyong makakalap ay mahigpit na mananatiling confidential sa pagitan ng
162 kalahok at ng mga mananaliksik. Ang impormasyong makukuha sa pag-aaral na ito ay gagamitin
163 lamang sa nasabing layunin. Ang mga tala at anumang dokumento na may kinalaman sa pag-
164 aaral na ito ay itatago alinsunod sa research ethics board (pagtago ng mga dokumento na di
165 bababa sa tatlong taon pagkatapos na makalap ang mga datos). Ang mga mananaliksik din ay
166 susunod sa batas na Data Privacy Act of 2012.

167

168 Lahat ng impormasyong makakalap sa pag-aaral na ito ay mananatiling confidential. Ang kahit
169 anong impormasyon na may kinalaman sa iyong pagkakakilanlan ay hindi isasama. Ang mga tala
170 ay itatago sa isang lalagyan na may kandado at susi. Ang mga datos na ito ay hindi ibabahagi sa
171 kahit sinuman maliban sa ethics review board.

172

173 15. PAGBABAHAGI NG RESULTA

174

175 Isasapubliko namin sa aming website ang impormasyon tungkol sa progreso ng pag-aaral na ito.
176 Ikaw at ang ibang kalahok ay hindi makikilala sa website. Gaya ng nabanggit, ang anumang
177 impormasyong kompidensyal o may kinalaman sa inyong privacy ay hindi ibabahagi.
178 Ilalathala naming ang resulta ng aming pananaliksik upang may matutunan ang ibang mga taong
179 interesado sa aming research. Ito ay maaring sa pamamagitan ng publications sa research
180 journals, tradisyunal na midya (hal. dyaryo) at makabagong midya (hal. social media).

181

182 Ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay maari ring makapag-ambag sa mga polisiya at programa,
183 pribado man o pampublikong sektor. Hindi makikilala ang iyong partisipasyon sa anumang paraan
184 ng paglalatha ng resulta ng pag-aaral na ito.

185

186 16. PAGTIGIL SA PAKIKILAHOK

187

188 Pinapaalalahanan na ang iyong pakikilahok ay boluntaryo lamang at maaari mong bawiin ang
189 partisipasyon mo sa pananaliksik na ito sa kahit na kailan mo nais. Ito ay walang multa.
190 May mga pagkakataon na kung saan ititigil ng PI ang iyong partisipasyon kahit na nais mo pang
191 magpatuloy. Maaring ang mga kadahilanan sa pagpapatigil sa iyong partisipasyon ay isa sa mga
192 sumusunod:

193

- 194 1. Nakitaan ng senyales ng distress kung saan ang patuloy na pakikilahok ay
195 maaaring makasama sa iyo o sa ibang mga kasama.
- 196 2. Nakitaan ng pagkairita kung saan ang patuloy na pakikilahok ay maaaring
197 makasama sa iyo o sa ibang mga kasama.
- 198 3. Iba pang mga bagay o situwasyon na kung saan ang kaligtasan ng ibang kalahok
199 ay malalagay sa alanganin.

200

201 Sa ganitong pagkakataon, maaring matanong kung magagamit ba ng PI ang datos na nakolekta
202 na sa kalahok na tumigil o sadyang pinatagil ng research team.

203

204 Ayon sa ethical regulations, maaring gamitin ng PI ang nakolektang datos hanggang sa punto
205 kung saan tumigil ang kalahok. Hindi na ito matatanggal kahit na ginusto mo nang tumigil o kung
206 tinigil ng research team ang iyong partisipasyon. Dahil hindi rin posibleng maituro sa'yo ang
207 particular na surbey o questionnaire o personal na interbyu na nakuha, wala ring paraan ang
208 research team para tanggalin ang iyong indibidwal na datos.

209

210 Wala nang karagdagan pang datos na kokolektahin matapos huminto o pinahinto ang
211 partisipasyon ng kalahok. Hindi ka makikilala base sa mga nakolektang datos matapos mong
212 huminto o pahintuin.

213

214 17. KARAPATANG TUMANGGI AT UMALIS MULA SA PAGLAHOK

215

216 Hindi mo kinakailangan lumahok sa pag-aaral na ito kung labag ito sa iyong nais. Maaari ka ring
217 tumigil sa pagsali kalianman mo main naising tumigil. I-rerespeto naming lahat ng iyong karapatan.

218

219 18. MGA KOKONTAKIN SAKALING MAKARANAS NG DISTRESS

220

221 Ang ibang mga tao ay maaring makaranas ng discomfort o distress matapos sagutin ang survey.
222 Maaari itong mangyari agad o may katagalan. Normal lang ito. Para sa ibang tao, maari silang

223 makaramdam ng sobrang pagkabalisa na kinakailangan na nila ng tulong o kumausap ng ibang
224 tao.

225
226 Maaari kang makahanap ng tulong sa website na ito: [https://mentalhealthph.org/support-for-](https://mentalhealthph.org/support-for-yourself/)
227 [yourself/](https://mentalhealthph.org/support-for-yourself/).

228
229 19. MGA KOKONTAKIN MULA SA RESEARCH TEAM
230

231 Ronald Del Castillo, PsyD, MPH, FRSPH
232 291 A. Bonifacio San Jose, Quezon City 1115
233 MentalHealthPH@gmail.com | +639053519620
234

235 Ang informed consent na ito ay alinsunod sa Philippine Data Privacy Act of 2012.
236 Sumusunod din ito sa National Ethical Guidelines for Health and Health-Related Research. Ang
237 guidance at explanations ng World Health Organization (WHO) sa pag buo ng informed consent
238 ay pinagbasehan para mabuo ito. Panghuli, ang “Guidelines for best practice in cross-cultural
239 surveys” (Institute for Social Research, University of Michigan) ay nireview din para sa pag
240 develop ng kasalukuyang informed consent.
241

242 Ang proposal na ito ay nireview at inaprubahan ng University of Santo Tomas, College of
243 Rehabilitation Sciences, Ethics Review Committee, isang komite na inatasan na siguraduhin na
244 lahat ng mga kalahok ng pag-aaral ay protektado sa posibleng panganib. Para sa karagdagang
245 impormasyon, ang Board ay maaaring makontak dito:
246

247 **Assoc. Prof. Anna Lea Enriquez, MD (Chairperson, UST-CRS ERC)**, Room 101 Medicine
248 Building., University of Santo Tomas, España Blvd., Manila, 1015 +027409713 |
249 ethicsreview.crs@ust.edu.ph
250

251 Ito ang huling bahagi ng Part I. Information Sheet.
252

253 **PART II. PAHINTULOT SA PAGSALI**

254 Pahintulot ng Kalahok

255 Nabasa ko o nabasa sa akin ang lahat ng impormasyon. Nagkaroon din ng oportunidad
256 para ako ay makapagtanong tungkol dito at kahit anong tinanong ko ay nasagot ng
257 maayos.

258 Binibigay ko ang aking pahintulot para boluntaryong maging kasapi ng pag-aaral na ito.

259 Pangalan:

260 Elektronikong Lagda:

261 Petsa:

262 ○ Sa pag click mo ng “Oo”, sumasangayon kang sumali. Ang pagsali mo sa pag aaral
263 na ito ay magsisimula matapos mong mag click.

264

265 ○ Sa pag click mo nga “Hindi”, ibig sabihin ay ayaw mong makilahok at hindi na
266 makakatuloy sa website.

267 Saksi ng Kalahok

268 Nasaksihan ko na tama ang binasang consent form sa magiging kalahok ng pagaaral.

269 Nabigyan din ng karampatang panahon ang indibidwal para makapagtanong.

270 Kinukumpirma ko na nagbigay ng boluntaryong pagsangayon ang kalahok.

271 Pangalan:

272 Electronikong Lagda:

273 Petsa:

274

275 **PAHAYAG NG RESEARCHER/ PROJECT STAFF NA KUMUKUHA NG PAHINTULOT**

276 Lagyan ng tsek ang mga naisagawa.

277 _____ Ako, ang nakalagda, ay nalahad at nabasa nang tama ang information
278 sheet sa magiging participant, at sa abot ng aking makakaya ay sinigurado kong
279 maiintindihan ito ng kalahok.

280 _____ Kinukumpirma ko na ang kalahok ay nabigyan ng karamptang panahon
281 para magtanong tungkol sa pag aaral na ito at lahat ng mga tanong ay naisagot ko ng tama
282 sa abot ng aking makakaya. Kinukumpirma ko na ang kalahok ay hindi napilitan para
283 magbigay ng pahintulot at ang pahintulot niya ay malaya at boluntaryo niyang biningay.

284 _____ Nagbigay ako ng kopya ng ICF na ito sa kalahok.

285 **PROJECT STAFF:**

286 Pangalan ng Project Staff na kumuha ng pahintulot

287 _____

288 Lagda ng research/ Project Staff na kumuha ng pahintulot

289 _____

290 Petsa

291 _____

292 araw/buwan/taon

293

294

295 [Ang mga kalahok ay maaaring makakuha ng kopya ng informed consent form na ito bago pa
296 man ang simula ng aktwal na paglahok sa pag-aaral]